REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-178

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG SAMAHAN NG MAGKAKAPITBAHAY NG BLOCK 4, PUROK 1, HINGGIL SA PAGKAKALOOB NG DAANG LAGUSAN (RIGHT-OF-WAY).

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Nolasco L. Diaz

*************************************************************

SAPAGKAT, itinatadhana sa Sec. 22 (c) ng Local Government Code ang kaukulang pagbibigay kapangyarihan ng Sangguniang Bayan sa Punongbayan upang kumatawan sa Pamahalaang Bayan sa anumang kontrata o transaksiyon;

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ang pangangailangan ng alinmang komunidad sa isang daan patungo sa pinakamalapit o pangunahing kalsada sa transportasyon upang ang kanilang panlipunan at pang-ekonomiyang pamumuhay ay bumuti;

SAPAGKAT, ang Samahan ng Magkakapitbahay ng Block 4, Purok 1 ng Bayanan ay humiling na sila ay mapapagkalooban ng RIGHT-OF-WAY mula sa lupang pag-aari ng Pamahalaang Lokal na inilaan nito para sa isang pampublikong libingan;

SAPAGKAT, ang sapat na sukat ng daang lagusan na ito ay kailangan upang sa panahon na sakuna o kalamidad ay kaagad silang mapagkakalooban ng tulong at pagsasaalang-alang;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na binibigyan ng kapangyarihan ang Punongbayan, Mggl. Ignacio R. Bunye na lumagda sa isang kasunduan (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at Samahang Magkakapitbahay ng Block 4, Purok 1 hinggil sa pagbibigay ng daang lagusan (right-of-way) sa mga ito.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-103rd regular na pulong na ginanap ngayong ika-03 ng Oktubre, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pinuno ng Panghapagang Mayorya
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY C. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. VALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan